

## MGA TUNTUNIN NG PAGGAMIT NG SUVODA PLATFORM

Nabigyan ka ng pag-akses sa Platform ng Suvoda (ang “Platform”) alinman sa pamamagitan ng iyong paglahok sa isang klinikal na pagsubok (o bilang isang tagapag-alaga sa isang kalahok sa isang klinikal na pagsubok), o sa pamamagitan ng awtorisadong pag-akses na ibinigay sa iyo ng isang kostumer ng Suvoda (isang “Kostumer”) upang maisagawa ang partikular na mga serbisyo sa ngalan ng isang Kostumer, o upang magbigay ng online na pag-akses sa mga produkto at mga serbisyo ng Suvoda. Ang Platform ay binubuo ng mga produkto ng Suvoda LLC, isang U.S. na kumpanya na may punong-tanggapan ng korporasyon sa 181 Washington Street, Suite 100, Conshohocken, PA 19428, USA, at ang mga Kaanib nito (mula ngayon ay sama-samang tinutukoy bilang "Suvoda," "Greenphire," "kami," "aming," o "kami") kabilang ngunit hindi limitado sa, Teknolohiya sa Nakikipag-ugnayan na Pagtugon (Interactive Response Technology, "IRT"), eConsent, Pag-iiskedyul, Greenphire Travel, (Mga) Elektronikong Pagtatasa ng Mga Klinikal na Kinalabasan (Electronic Clinical Outcomes Assessment(s), "eCOA"), Greenphire na Mga Pagbabayad sa Pasyente, Pagbabadyet at Benchmarking, at mga produkto at mga kaugnay na serbisyo sa Pagbabayad sa Lugar ng Pagsubok ("ang Mga Serbisyo") ng Suvoda. Kaugnay ng Mga Serbisyo, maaari ka ring mabigyan ng pag-akses sa isang aparato, SIM card o iba pang hardware ("Hardware"). Para sa mga layunin nitong mga Tuntunin sa Paggamit ("Mga Tuntunin"), ang pagtukoy sa "Platform" ay kinabibilangan ng Hardware at ang pagtukoy sa "Mga Kaanib" ay nangangahulugang anumang kumpanya o ibang entidad na kumokontrol, kinokontrol ng, o nasa ilalim ng karaniwang kontrol ng, tinukoy na partido.

Ang Mga Tuntuning ito ay namamahala sa iyong paggamit ng Platform at legal na ipinag-uutos sa pagitan mo (tinukoy din bilang "User") at ng Suvoda. Kung hindi ka sumasang-ayon na sumailalim sa Mga Tuntuning ito, mangyaring ihinto kaagad ang paggamit ng Platform. ANG PAGBIGO SA PAGESUNOD SA MGA TUNTUNING ITO AY MAARING MAGDULOT NG NEGATIBONG KAHIHINATNAN, KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA, ANG PAGTANGGI SA IYONG PAG-AKSES SA PLATFORM AT/O, KUNG NAAANGKOP, ANG PAGTANGGI SA IYONG KAKAYAHAN NA GAMITIN ANG DEBIT CARD NA IBINIGAY SA IYO KAUGNAY NG IYONG PAGLAHOK SA KLINIKAL NA PAGSUBOK.

**Sa pamamagitan ng paggamit sa Platform, tinatanggap mo at sumasang-ayon na matali at sumunod sa Mga Tuntuning ito at sa aming Paunawa sa Pagkapribado, na makikita sa ibaba.**

**ANG MGA TUNTUNING ITO AY NAGLALAMAN NG ISANG SUGNAY NG ARBITRASYON AT ISANG PAGPAUBAYA NG MGA KARAPATAN NA MAGSAMPA NG CLASS ACTION LABAN SA AMIN. MALIBAN SA TIYAK NA MGA URI NG MGA PAGTATALO NA NABANGGIT SA SUGNAY NG ARBITRASYON, SUMASANG-AYON KA AT ANG SUVODA NA LULUTASIN ANG MGA PAGTATALO SA PAGITAN NATIN SA PAMAMAGITAN NG SAPILITANG IPINAG-UUTOS NA ARBITRASYON, AT IPINAPaubaya mo at ng Suvoda ang anumang karapatan na mapagpasyahan ng hukuman o hurado ang inyong pagtatalo o lumahok sa isang class-action na demanda o arbitrasyon ng buong klase.**

- Pag-akses sa Platform.** Binibigyan ka ng Suvoda ng hindi eksklusibo, hindi maililipat, hindi maibahagi ang lisensya, mababawi, limitadong lisensya upang gamitin at ma-akses ang Platform, at, sa lawak na naaangkop, upang isagawa ang Mga Serbisyo sa ngalan ng Kostumer. Kinikilala mo na ang Platform ay hino-host ng isang ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo sa cloud hosting (ang “Tagapagbigay ng Serbisyo sa Pagho-host”). Ang Suvoda ay walang pananagutan para sa mga aksyon o pagbubukod ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa Pagho-host. Kinabibilangan sa isang kinatawang, ngunit hindi kumpletong listahan ng kung para saan maaaring gamitin ang Platform ang: (a) pagpapahintulot sa iyo na magsumite ng mga resibo para sa pagbabalik bayad; (b) pagsusuri ng mga balanse ng debit card at mga makasaysayang transaksyon; (c) paglilipat ng mga pondo sa iyong account sa bangko; (d) pag-uulat ng nawala o ninakaw na debit card; (e) pagrerepaso sa mga pahayag ng account; (f) pagbibigay ng mga alerto; (g) pagbibigay ng mga serbisyo sa pamamahala sa paglalakbay; (h) pagbibigay ng mga serbisyong pang-outreach, pang-suporta at pang-edukasyon; (i) pagrerepaso at pagpapatupad ng mga dokumento sa ipinabatid na pagsang-ayon; (j) pagkukumpleto ng mga survey; at (l) pag-akses sa mga software na produkto at kaugnay na Hardware para sa klinikal na pagsubok.
- Mga Pagbabago sa Platform.** Inilalaan namin ang karapatang pagbutihin, pahasayin, baguhin, o ihinto ang mga tampok o kakayahan ng Platform sa pana-panahong batayan (sama-sama, "Mga Pagbabago").
- Seguridad.** Nagpatupad na kami ng mga pananggalang na naglalayong protektahan ang personal na impormasyong kinokolekta namin mula sa iyo mula sa pagkawala, maling paggamit, hindi awtorisadong pag-akses, pagsisiwalat, pagbabago, at pagkasira. Inilalaan namin ang karapatang suspindihin ang pag-akses sa Platform kung sakaling may pinaghihinalaang o aktwal na paglabag sa seguridad. Gayunpaman, walang sistema ng seguridad ang walang kamali-mali. Hindi kami mananatagot para sa anumang pinsalang dulot kaugnay ng hindi awtorisadong pag-akses na nagmula sa mga aksyon o pagbubukod mo o ng anumang ikatlong partido.
- Mga Mapagkukunan ng Ikatlong Partido.** Maaaring pahintulutan ka ng Platform na mag-link sa software ng ikatlong partido, teknolohiya ng ikatlong partido at/o magbigay ng mga link sa mga website, nilalaman, o mga mapagkukunan ng ikatlong partido (sama-sama, "Mga Mapagkukunan ng

Ikatlong Partido"). Hindi kami mananagot para sa mga nilalaman ng anumang Mga Mapagkukunan ng Ikatlong Partido, o anumang mga pagbabago o mga update sa naturang Mga Mapagkukunan ng Ikatlong Partido. Ang Suvoda ay hindi responsable o mananagot para sa anumang pinsala o pagkawala na dulot o pinaghihinalaang dulot ng o kaugnay ng iyong paggamit ng o pag-asa sa anumang nilalaman, mga produkto o mga serbisyo na magagamit sa o sa pamamagitan ng anumang Mga Mapagkukunan ng Ikatlong Partido.

5. **Intelektwal na Ari-arian.** Ang Platform at ang lahat nitong mga pagpapahusay, mga pag-upgrade, mga pagbabago, mga pagpapasadya, mga derivative na gawa, mga algorithm, mga pagtitipon, mga pagsasama-sama, source code at/o object code, at mga kopya nito, at lahat ng impormasyon, mga pamamaraan, mga proseso at lahat ng intelektwal na ari-arian na nakapaloob dito (sama-sama, ang "Intelektuwal na Ari-arian") ay at mananatiling pag-aari ng Suvoda. Ang Suvoda ay nagkaroon at pananatilihin ang eksklusibong karapatan at titulo sa, lahat ng patente, karapatang magpalathala, marka ng kalakal, lihim ng kalakalan at lahat ng iba pang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian sa at para sa Intelektuwal na Ari-arian. Wala sa Mga Tuntuning ito ay ituturing bilang paglilipat ng anumang aspeto ng naturang mga karapatan sa iyo maliban sa iyong limitadong karapatang gamitin at i-akses ang Platform alinsunod sa itong Mga Tuntunin ng Paggamit. Ang Suvoda ay magkakaroon ng karapatang magrehistro ng mga patente, mga marka ng kalakal at mga karapatang magpalathala na nauugnay sa Platform sa anumang awtoridad ng pamahalaan saanman sa mundo. Para sa pag-iwas sa pagdududa, wala kang pagmamay-ari ng anumang Hardware o anumang intelektwal na ari-arian doon o nauugnay doon. Magsasagawa ka ng makatwirang pangangalaga upang isanggalang ang lahat ng Hardware at ibalik ito na gumagana sa maayos na kondisyon ayon sa itinagubilin ng isponsor ng kumpanya ng parmasyutiko, bioteknolohiya, o medikal na aparato (ang "Isponsor") ng nauugnay na klinikal na pagsubok o pag-aaral (ang "Pag-aaral") o ang itinalaga ng Isponsor, maliban sa normal na pagkasira sa paggamit. Ang Suvoda at/o ang mga tagapaglisensya ng Suvoda ay nananatiling nag-iisang may-ari ng lahat ng karapatan, titulo, at interes sa Mga Serbisyo. Maliban sa nakasaad sa itong Mga Tuntuning, hindi ka binibigyan ng Suvoda ng anumang mga karapatan sa mga patente, mga karapatang magpalathala, mga lihim ng kalakalan, mga marka ng kalakal, o anumang iba pang mga karapatan tungkol sa mga item sa Hardware.
6. **Pagiging-kumpidensyal.** Ang Intelektwal na Ari-arian ng Suvoda pati na rin ang anumang iba pang kumpidensyal o pagmamay-ari na impormasyon na may kaugnayan sa Suvoda at/o ang Platform ("Kumpidensyal na Impormasyon") ay kumpidensyal at hindi maaaring isiwalat sa anumang ikatlong partido nang walang tahasang nakasulat na pagsang-ayon ng Suvoda. Poprotektahan mo ang pagiging-kumpidensyal ng Kumpidensyal na Impormasyon sa parehong paraan na pinoprotektahan mo ang pagiging-kumpidensyal ng iyong sariling pagmamay-ari at kumpidensyal na impormasyon ng katulad na uri, ngunit sa walang anumang pagkakataon ay may mas mababang antas ng makatwirang pangangalaga sa pagprotekta sa Kumpidensyal na Impormasyon. Kung pinilit ka ng batas na isiwalat ang Kumpidensyal na Impormasyon, bibigyan mo ang Suvoda ng paunang abiso ng naturang sapilitang pagsisiwalat (hanggang sa pinahihintulutan ng batas) at makatwirang tulong, nang libre para sa Suvoda, kung nais naming labanan ang pagsisiwalat. Ibalalik o sisirain mo ang lahat ng Kumpidensyal na Impormasyon kapag hindi na ito kailangan o sa pagwawakas ng Mga Tuntuning ito, alinman ang mauna. Ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Seksyon 6 na ito ay mananatiling epektibo kahit na pagkatapos ng pagwawakas ng Mga Tuntuning ito.
7. **Paggamit ng Platform.** Maaari mong gamitin ang Platform na may kaugnayan sa Mga Serbisyo lamang, at lahat ng paggamit ay dapat alinsunod sa iton Mga Tuntuning at naaangkop na batas. Para sa pag-iwas sa pagdududa, sumasang-ayon ka na sundin at tumupad sa lahat ng naaangkop na batas, Mga Alituntunin ng Pagsasagawa (ayon sa tinukoy sa ibaba), at anumang mga tagubilin o mga kundisyon na ipinaalam sa iyo ng Suvoda o ng isang nauugnay na entidad na nagsasagawa ng Pag-aaral. Ang ibig sabihin ng "Mga Alituntunin ng Pagsasagawa" ay lahat ng mga alituntunin na namamahala sa paggamit o pagbibigay ng mga mobile na telekomunikasyon at mga serbisyo sa datos na ibinibigay ng alinmang pangkalahatang kinikilalang mga katawan o na pinagtibay ng Suvoda o ng mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo nito nang pana-panahon. Ang lahat ng mga pondong ibinibigay sa mga kalahok sa klinikal na pagsubok ("Mga Kalahok") ay dapat alinsunod sa naaangkop na kasunduan sa klinikal na pagsubok para sa mga lehitimong layuning nauugnay sa klinikal na pagsubok o sa mga serbisyong inaprubahan ayon sa kontrata kung saan ang pagbabalik bayad sa Mga Kalahok ay ayon sa batas at naaangkop, at alinsunod sa mga panuntunan ng Platform. Ang mga username at mga password ay hindi maaaring ilipat o ibahagi ng higit sa isang indibidwal. Dapat gamitin mo ang mga pagsisikap na makatwiran sa komersyo upang mapanatili ang internet, hardware, software, at mga nauugnay na sistema sa o higit pa sa mga kinakailangan sa pamantayan ng industriya. Agad mong aabisuhan ang Suvoda tungkol sa: (i) anumang hindi awtorisadong pag-akses o paggamit; (ii) kung ang anumang account o personal na impormasyon ng User o Kalahok ay nawala o ninakaw; o (iii) kung nalaman mo ang anumang paglabag sa Mga Tuntuning ito ng sinuman kabilang ang ibang mga User o mga Kalahok. Sa pamamagitan ng paggamit sa Platform, ipinapahayag ng bawat User na siya ay higit sa 18 taong gulang. Inilalaan ng Suvoda ang karapatang gumamit ng anumang teknikal na paraan na kinakailangan upang mapatunayan na ang paggamit ng Platform ay tumutupad sa itong Mga Tuntuning at upang mawakas ang anumang hindi awtorisadong paggamit ng Platform.
8. **Awtorisasyon na Obligahin ang Paggamit ng Platform ng Taga-empleyo at ng Empleyado.** Kung ginagamit mo ang Platform sa iyong kapasidad bilang isang empleyado o ahente ng isang kumpanya o anumang iba pang legal na entidad, ginagarantiyahan mo na awtorisado kang obligahin nang legal ang naturang kumpanya, entidad at anumang naaangkop na Mga Kaanib. Kung wala kang awtoridad na ito, hindi mo dapat tanggapin ang Mga Tuntuning ito at hindi mo maaaring gamitin ang Platform na ito sa anuman na kahit anong paraan. Kung awtorisado kang obligahin nang legal ang naturang kumpanya o entidad, dapat mong tuparin ang mga obligasyon na dapat tuparin ng kumpanya o iba pang entidad sa ilalim ng Mga Tuntuning ito kapag ginagamit mo ang Platform.

Kung ginagamit mo ang Platform sa iyong kapasidad bilang isang empleyado o ahente ng isang kumpanya o anumang iba pang legal na entidad, nang may kaugnayan sa mga kalahok ng Pag-aaral na kaninong impormasyon ay ina-akses o pinagbubutihin mo gamit ang Mga Serbisyo, ipinapahayag at ginagarantiyahan mo na:

- Natanggap mo na ang sapat na nakasulat na pagsang-ayon, o nakumpirma na ang Kalahok o ang legal na awtorisadong kinatawan ng Kalahok, ay may nagsang-ayon nang sapat, mula sa o tungkol sa, bawat kalahok na datos na kaninong impormasyon ay ipinasok mo sa Mga Serbisyo, tungkol sa pagproseso ng naturang impormasyon ng Suvoda, kabilang ang nang walang limitasyon, ang paglipat ng impormasyong ito sa labas ng European Economic Area, ng United Kingdom at ng Switzerland;
- Natanggap mo na mula sa bawat kalahok na datos (o tagapag-alaga ng isang kalahok na datos, kung naaangkop) na maaaring makatanggap ng email o iba pang elektronikong paraan ng komunikasyon na may kaugnayan sa Pag-aaral, ang nakasulat na pagsang-ayon na tumanggap ng mga naturang mensahe sa form na ibinigay sa iyo ng Isponsor; at
- Aabisuhan mo kami, kaagad ngunit sa loob ng hindi lalampas sa isang (1) araw ng negosyo pagkatapos mong malaman ang naturang katotohanan, ng anumang adres sa email o iba pang impormasyon sa pag-kontak kung saan hindi na dapat ipadala ang mga mensahe, kung dahil (i) ang nilalayong tatanggap ng mensahe ay hindi ang karaniwang user ng adres sa email; (ii) ang tatanggap ng mensahe ay nagpapahiwatig, sa anumang paraan, ng isang pagnanais na huwag kontakin; o (iii) para sa anumang iba pang dahilan.

9. **Paggamit ng Personal na Datos.** Ang Personal na Datos (ayon sa tinukoy sa ibaba) ay maaaring hilingin mula sa Mga User at/o Mga Kalahok bilang bahagi ng proseso ng pagpaparehistro sa Platform at kasunod na paggamit nito. Depende sa Mga Serbisyonang ibinibigay, maaari kaming mangolekta at magproseso ng Personal na Datos upang mabigyan ang mga institusyong pampinansyal at mga tagapagbigay ng serbisyo, at/o mga Kostumer ng Suvoda ng hiniling na impormasyon upang maibigay ang Mga Serbisyo (kabilang ang Platform) at/o dahil kinakailangang gawin namin ito nang legal, o kung hindi man ayon sa itinakda sa aming Paunawa sa Pagkapribado. Maaari rin naming gamitin ang Personal na Datos na ito sa anumang paraan na pinahihintulutan ng batas. Ang bawat User ay tahasang nagbibigay sa amin ng pahintulot na gamitin ang Personal na Datos para sa mga layuning itinakda sa Paunawa sa Pagkapribado, kabilang ang, nang walang limitasyon, upang kontakin sila tungkol sa mga katanungan na may kaugnayan sa Platform, mga survey, pangangalaga sa kostumer, at teknikal na suportang nauugnay sa Mga Serbisyo. Ang "Personal na Datos" ay impormasyon na natatanging kinikilala, nauugnay, naglalarawan, o makatuwirang may kakayahang maiugnay sa o mai-link sa iyo. Pangangasiwaan ang Personal na Datos alinsunod sa aming [Paunawa sa Pagkapribado](#) na alin sumasang-ayon kang ma-obliga.
10. **Impormasyong Pangkalusugan at Medikal.** Sa mga limitadong kaso, ang Personal na Datos ay maaari ding kinabibilangan ng tiyak na protektadong impormasyon sa kalusugan ("PHI"). Maaaring gamitin namin ang PHI para sa mga layunin, kabilang, nang walang limitasyon, ang mga sumusunod: (a) upang patakbuhan ang Platform; (b) upang magbigay ng nauugnay na impormasyon sa mga operator o mga administrador ng iyong klinikal na pagsubok; (c) upang iproseso ang mga pagbabayad na dapat bayaran sa iyo; o (d) ayon sa pinahihintulutan ng naaangkop na batas. Hindi ka magpapadala ng anumang impormasyon o Datos ng Kalahok (ayon sa tinukoy sa ibaba) sa pamamagitan ng Platform na nangangailangan ng kagyat o agarang medikal na atensyon. Tatawagan mo ang 9-1-1 o ang iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga naturang sitwasyon. Wala sa Platform ang inilaan bilang kapalit para sa naaangkop at napapanahong pag-kontak sa isang tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.
11. **Pag-kontak sa Iyo.** Sa pamamagitan ng paggamit sa Platform, pinahihintulutan mo kami at ang aming mga Kaanib, mga ahente, mga itinalaga at mga tagapagbigay ng serbisyo (sama-sama, ang "Mga Partido sa Pagmemensahe") na makipag-kontak sa iyo at/o Mga Tatanggap gamit ang mga Platform sa awtomatikong pagdayal sa telepono, mga sistema ng artipisyal o paunang narekord na pasalitang mensahe, mga sistema ng mensahe sa text at mga sistema ng awtomatikong email, bilang karagdagan sa pag-kontak sa iyo sa pamamagitan ng mismong Platform, upang makapagbigay ng anumang at nauugnay na impormasyon. Ang Mga Partido sa Pagmemensahe ay pinahihintulutan na gumawa ng mga naturang pag-kontak gamit ang anumang mga numero ng telepono (kabilang ang mga wireless, landline, VOIP na numero at binuong teknolohiya mula ngayon) o mga adres sa email na ibinigay sa amin. Sa pamamagitan ng paggamit sa Platform, tahasan kang sumasang-ayon na hayaan kaming makipag-kontak sa iyo para sa mga sumusunod na layunin kung saan naaangkop:
1. Upang hilingin ang iyong pakikilahok sa mga survey (bawat isa ay isang "Survey").
  2. Upang bigyan ka ng iba't ibang paalala, kabilang ang mga iyon na nagpapaalala sa iyo: (i) tungkol sa mga paparating na appointment; (ii) tungkol sa mga nauugnay na petsa at mga aktibidad na nauugnay sa iyong paglahok sa klinikal na pagsubok; at (c) na gamitin ang mga naaangkop na gamot.
  3. Upang hilingin ang iyong pakikilahok sa iba pang mga klinikal na pagsubok (bawat isa ay isang "Ibang Pagsubok"). Upang magamit at ma-akses mo ang Platform, wala kang obligasyon na lumahok sa anumang Iba Pang Pagsubok.
  4. Kumuha ng mga nauugnay na pagsang-ayon.
12. **Pagsusuri ng Datos.** Pinapahintulutan mo kami at ang aming mga Kaanib, mga ahente, mga kontratista, mga kasosyo sa negosyo, mga tagapagbigay ng serbisyo, mga kahalili at mga itinalaga na mangolekta, tanggapan ng pagkakakilanlan, magsama-sama, mag-ipon, magsuri at/o gumamit ng impormasyon sa benchmarking, transaksyon o pagganap o anumang iba pang datos na nakolekta o nabuo ng Platform, kabilang ang anumang datos na ibibigay mo sa amin o ipasok sa Platform (sama-sama, "Pagsusuri na Datos"). Maaari naming gamitin o isiwalat ang Pagsusuri na Datos sa aming

paghuhusga; sa kondisyon na kung ibabahagi namin ang Pagsusuri na Datos sa mga ikatlong partido sa labas ng probisyon ng Mga Serbisyo, ang naturang Pagsusuri na Datos ay magiging hindi makikilala para sa iyo, sa Kostumer, isang imbestigador, lugar ng pagsisiyasat, o kalahok sa klinikal na pananaliksik, at hindi maglalaman ng personal na makikilalang impormasyon.

13. **Datos ng Kalahok.** Binibigyang-daan ka ng Platform na ipasok ang impormasyon at datos tungkol sa iyong pakikilahok sa isang klinikal na pagsubok, o ang pakikilahok ng isang kalahok sa klinikal na pagsubok na kanino ka pinaglilingkuran bilang isang tagapag-alaga (sama-sama, "Datos ng Kalahok"). Ikaw ang tanging mananagot para sa lahat ng Datos ng Kalahok na pinagsama-sama mo o na-upload mo sa Platform, o nakolekta o pinoproceso mo bilang bahagi ng iyong paggamit ng Platform. Ipinapahayag at ginagarantiyahan mo na, sa iyong kaalaman, pagmamay-ari mo o mayroon kang kinakailangang mga karapatan, mga lisensya, mga pagsang-ayon at mga pahintulot upang lumikha, mag-upload, maglipat o kung hindi man ay gamitin ang lahat ng Datos ng Kalahok, at na, sa iyong kaalaman, ang Datos ng Kalahok ay hindi lumalabag o sumusuway sa anumang mga karapatan sa Intelektwal na Ari-arian ng ikatlong partido. Maaaring alisin ng Suvoda ang anumang Datos ng Kalahok na sumusuway sa Mga Tuntuning ito o mga naaangkop na batas. Binibigyan mo ang Suvoda ng limitadong karapatang mangolekta, gumamit, magparami, mamahagi, magpadala at gumawa ng mga derivative ng Datos ng Kalahok na tanging may kaugnayan sa probisyon ng Platform ng Suvoda at anumang suportang ibinigay.
14. **Mga paghihigpit.** Maliban kung tahasang pinahihintulutan ng Mga Tuntuning ito, hindi ka dapat, at sumasang-ayon ka na huwag pahintulutan, hikayatin, o payagan ang sinumang ikatlong partido na: (a) baguhin, iakma, isalin, o lumikha ng mga derivative na gawa mula sa Platform; (b) ibenta, ilisensya, ipamahagi, italaga, ipa-arkila, ipa-renta, ipahiram, o kung hindi man ay ilipat ang Platform, o gawing magagamit ang Platform sa, o gamitin ang Platform sa ngalan ng, anumang ikatlong partido; (c) gamitin ang anumang analytics, datos, nilalaman, o iba pang produkto na nilikha ng o mula sa Platform sa ngalan ng, o upang magsagawa ng anumang mga serbisyo para sa, anumang ikatlong partido) o ibilang ang naturang analytics, datos, nilalaman o iba pang produkto sa anumang mga serbisyo o mga produkto na ibinigay mo sa anumang ikatlong partido; (d) i-reverse engineer, i-decompile, kalasin o kung hindi man ay subukang (i) talunin, iwasan, i-bypass, tanggalin, huwag paganahin o kung hindi man ay iwasan ang anumang mga mekanismo ng proteksyon sa Platform, kabilang nang walang limitasyon, anumang naturang mekanismo na ginagamit upang higitan o kontrolin ang kakayahan ng Platform o mga awtorisadong user nito o (ii) kunin ang source code o ang pinagbabatayang mga ideya, mga algorithm, istraktura o organisasyon mula sa Platform; (e) tanggalin, baguhin o itago ang anumang mga pagmamay-ari na paunawa sa loob ng Platform; (f) payagan ang pag-akses sa Platform ng sinumang hindi tahasang pinahihintulutan ng Mga Tuntuning ito; (g) i-post o ipasok ang anumang nakakasakit, hindi legal o iba pang hindi naaangkop na datos o nilalaman sa Platform, i-post ang anumang datos o nilalaman sa Platform na maaaring magdulot ng sibil o kriminal na pananagutan, o i-post o ipasok ang anumang datos sa Platform na wala kang sapat na mga karapatang ipasok; (h) gumawa ng anumang aksyon na nagdulot ng pagbabanta sa seguridad, pagpapatakbo o iba pa sa wastong paggana ng Platform; (i) ibigay ang pag-akses sa Platform sa sinumang tao o entidad na nagsasagawa ng hindi legal o mapanlinlang na mga kasanayan sa kalakalan o anumang iba pang mga kasanayan na ipinagbabawal sa ilalim ng naaangkop na batas; o (j) kumilos o pabayaang gumanap sa anumang paraan na may kaugnayan sa iyong paggamit ng Mga Serbisyo na magiging o maaaring maging sanhi ng Suvoda o anumang iba pang ikatlong partido na lumabag sa anumang mga probisyon ng naaangkop na batas o isang tuntuning ng kasanayan, o anumang iba pang mga lisensya o mga awtorisasyon.
15. **Pagsusubaybay.** Inilalaan ng Suvoda ang karapatang itala, subaybayan o i-audit ang mga aktibidad na gumaganap sa pamamagitan ng o kinasasangkutan ng Platform at/o imbestigahan ang anumang paratang na ang anumang aktibidad na gumaganap sa pamamagitan o kinasasangkutan ng Platform ay hindi umaayon sa Mga Tuntuning at mga naaangkop na batas na ito. Hindi mo dapat hadlangan nang hindi makatwiran ang naturang pagsusubaybay o pag-audit, at dapat mong ibigay ang naturang impormasyon na nauugnay sa paggamit ng Platform ayon sa makatwirang hiniling ng Suvoda at kinakailangan upang kumpirmahin ang pag-ayon sa Mga Tuntuning ito.
16. **Lokasyon ng Datos.** Kinikilala mo na ang impormasyon ay iimbakin sa mga heograpikal na magkakaibang back-up na lokasyon. Dapat iimbak ng Suvoda ang impormasyon alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas, mga tuntuning at mga regulasyon, kabilang ang mga naaangkop na batas sa proteksyon ng datos.
17. **Pagtatakwil ng Mga Garantiya.** Ang Platform ay inaalok sa iyo "sa kasalukuyang kalagayan nito" at "depende sa pagkakaroon", nang walang anumang mga ipinapahayag o mga garantiya, alinman sa ipinahayag o ipinahiwatig. Bilang halimbawa, hindi namin ginagarantiya, ipinapahayag o ginagarantiyahan na ang iyong paggamit ng Platform ay hindi maaantala, napapanahon, protektado o walang pagkakamali. Tahasan kang sumasang-ayon na ang iyong paggamit ng, o kawalan ng kakayahan na gamitin, ang Platform ay sarili mong pananagutan. ANG PLATFORM AY IBINIBIGAY "SA KASALUKUYANG KALAGAYAN NITO" AT "DEPENDE SA PAGKAKAROON," NANG WALANG ANUMANG MGA IPINAPAHAYAG O MGA GARANTIYA, ALINMAN SA IPINAHAYAG O IPINAHIWATIG. ITINATAKWIL NAMIN ANG LAHAT NG IPINAHIWATIG NA GARANTIYA O KUNDISYON, KABILANG ANG PAGIGING MAPAGKALAKAL, KAANGKUPAN PARA SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN, KATIBAYAN, TITULO, AT WALANG PAGLABAG.
18. **Kabayaran para sa Pinsala o Pagkalugi.** Ipagtatangol, babayaran, at hindi pananagutin ang Suvoda at ang aming mga opisyal, mga direktor, mga empleyado, mga kahalili at mga itinalaga mula sa at laban sa anumang mga pagkalugi, mga gastos, mga pinsala, mga pananagutan, at mga nagastos (kabilang ang mga bayad sa abogado at mga gastos sa hukuman) na may kaugnayan sa: (i) anumang mga paghahabol, mga demanda o mga paglilitis na nagmumula sa o nauugnay sa aming paggamit ng datos alinsunod sa Mga Tuntuning ito; (ii) anumang subpoena ng ikatlong partido o sapilitang legal na desisyon o proseso na naghahanap ng datos; at (iii) iyong paglabag sa Mga Tuntuning ito o iyong paggamit ng Platform, kabilang ang, ngunit hindi

limitado sa, anumang paggamit ng Platform o nilalaman, mga serbisyo, at mga produkto ng Mga Serbisyo maliban sa tahasang pinahintulutan sa Mga Tuntuning ito, o iyong paggamit ng anumang impormasyong nakuha mula sa Platform o sa Mga Serbisyo.

19. **Limitasyon ng Pananagutan.** SA HANGGANG PINAPAYAGAN NG BATAS, SA ANUMANG KASO, HINDI MANANAGOT ANG SUVODA, ANG KANILANG MGA KAHALILI AT/O MGA ITINALAGA, AT/O BAWAT ISA SA AMING AT NG KANILANG MGA NAUUKOL NA DIREKTOR, MGA OPISYAL, MGA EMPLEYADO, MGA AHENTE, MGA KONTRATISTA, MGA SUPPLIER, MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO O MGA TAGAPAGLISENSYA PARA SA ANUMANG PINSALA, PAGKAWALA, PAGHAHABOL, O ANUMANG DIREKTA, HINDI DIREKTA, HINDI SINASADYA, NAGPAPARUSA, ESPESYAL, O KAHIHINATNANG PINSALA NG ANUMANG URI, KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA NAWALAN NG MGA TUBO, NAWALAN NG KITA, NAWALAN NG MGA IPON, NAWALAN NG DATOS, MGA GASTOS SA KAPALIT, O ANUMANG KATULAD NA MGA PINSALA, BATAY MAN SA KONTRATA, LABAG SA BATAS (KABILANG ANG PAGPAPABAYA), MAHIGPIT NA PANANAGUTAN O SA IBANG PARAAN, NAGMUMULA SA IYONG PAGGAMIT NG O KAWALAN NG KAKAYAHANG GAMITIN ANG PLATFORM, KAHIT NA KUNG PINAYUHAN NA KAMI TUNGKOL SA PAGIGING MAHUHULAAN NG PAREHO. ANG AMING PINAKAMALAKING PANANAGUTAN NA NAUUGNAY SA IYONG PAGGAMIT NG O KAWALAN NG KAKAYAHANG GAMITIN ANG PLATFORM, ANG AMING PAGLABAG SA MGA TUNTUNING ITO O ANUMANG IBA PANG BAGAY NA NAGMUMULA SA DOKUMENTONG ITO AY ISANG LIBONG DOLLAR (\$1,000).

SA PAMAMAGITAN NG PAG-AKSES SA PLATFORM, ANG NILALAMAN NITO, AT ANUMANG MGA SERBISYO O MGA BAGAY NA NAKUHA SA PAMAMAGITAN NG PLATFORM, NAUUNAWAAN MO NA MAAARI MONG IPINAPAUBAYA ANG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA MGA PAGHAHABOL NA HINDI NALALAMAN O HINDI HINIHALA SA NGAYON, AT ALINSUNOD SA NATURANG PAGPAUBAYA, KINIKILALA MO NA NABASA AT NAUUNAWAAN MO NA, AT SA PAMAMAGITAN NITO, TAHASANG IPINAPAUBAYA, ANG MGA BENEPISYO NG SEKSYON 1542 NG CIVIL CODE OF CALIFORNIA, AT ANUMANG KATULAD NA BATAS NG ANUMANG ESTADO O TERITORYO, NA NAGLALAN NG MGA SUMUSUNOD: “HINDI KABILANG SA PANGKALAHATANG PAGPAPAKAWALA ANG MGA PAGHAHABOL NA HINDI ALAM O PINAGHIHINALANG NG PINAGKAKAUTANGAN O NAGPAPAKAWALA NA PARTIDO NA UMIIRAL SA KANYANG PABOR SA PANAHON NG PAGPAPATUPAD NG PAGPAPAKAWALA AT NA, KUNG ALAM NIYA, AY MAKABULUHANG MAKAKAAPEKTO SA KANYANG KASUNDUAN SA INUTANGAN O PINAKAWALANG PARTIDO.”

ANG NABANGGIT AY HINDI NAKAKAAPEKTO SA ANUMANG PANANAGUTAN NA HINDI MAAARING IBUKOD O LIMITADO SA ILALIM NG NAAANGKOP NA BATAS.

20. **Pagpapakawala at Kasunduan na Hindi Idemanda.** GANAP AT MAGPAKAILANMAN MONG PINAKAWALAN AT PALAYAIN ANG SUVODA, ANG AMING MGA KAHALILI AT MGA TINALAGA, AT ANG BAWAT ISA SA AMING AT KANILANG NAUUKOL NA MGA DIREKTOR, MGA OPISYAL, MGA EMPLEYADO, MGA AHENTE, MGA KONTRATISTA, MGA SUPPLIER, MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO O MGA TAGAPAGLISENSYA, AT MGA OPERATOR (BAWAT ISA, ISANG “PINAKAWALANG PARTIDO”, AT SAMA-SAMANG, “MGA PINAKAWALANG PARTIDO”) MULA SA ANUMAN AT LAHAT NG PAGKAWALA, MGA PINSALA, MGA PAGHAHABOL (KABILANG ANG NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA PAGHAHABOL SA PAGPAPABAYA), MGA DEMANDA, MGA ASUNTO, MGA NAGASTOS, AT ANUMANG IBA PANG PANANAGUTAN NG ANUMANG URI, NG O SA IYO O KAHIT SA ANUMANG TAO, NANG DIREKTA O HINDI DIREKTANG NAGMUMULA SA O NAUUGNAY SA IYONG PAGGAMIT NG PLATFORM, KAHIT NA KUNG ITO AY DAHIL SA PAGPAPABAYA, WALANG HINAHONG PAGKILOS, PAGBUBUKOD, O IBA PANG KASALANAN NG ISANG PINAKAWALANG PARTIDO. SUMASANG-AYON KA NA HINDI GUMAWA O MAGSAMPA NG ANUMANG NATURANG PAGHAHABOL LABAN SA ANUMANG PINAKAWALANG PARTIDO, AT MAGPAKAILANMAN NA PAKAWALAN AT PALAYAIN ANG KUMpanya AT LAHAT NG IBA PANG PINAKAWALANG PARTIDO MULA SA PANANAGUTAN SA ILALIM NG MGA NATURANG PAGHAHABOL.
21. **Piniling Batas.** Ang Mga Tuntuning ito at ang iyong paggamit ng Platform ay pamamahalaan ng at ipakahulugan alinsunod sa mga batas ng Commonwealth of Pennsylvania (USA), nang walang pagtukoy sa mga prinsipyo ng mga salungatan ng batas na naaangkop sa ibang paraan.
22. **Kasunduan na Arbitrahan ang mga Pagtatalo.**
- Ikaw at kami ay tahasang sumasang-ayon na ang anumang pagtatalo na may kaugnayan sa Mga Tuntuning ito o sa ang iyong paggamit ng Platform ay dapat isumite lamang sa arbitrasyon sa ilalim ng proteksyon ng JAMS, gamit ang mga pinasimpleng, mas mahusay at mas epektibong patakaran ng arbitrasyon ng JAMS <https://www.jamsadr.com/rules-streamlined-arbitration> (ang “Arbitrasyon”). Ang Arbitrasyon ay gaganapin sa opisina ng JAMS sa Philadelphia, Pennsylvania (USA). Maaaring ipatupad ang mga paghatol sa alinmang hukuman sa mundo na may hurisdiksyon sa naturang mga bagay. HANGGANG SA KABUUANG SAKOP NA PINAHIHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS: (i) IKAW AT KAMI AY NAGPAPABAYA NG ANUMANG KARAPATAN SA ISANG PAGLILITIS NG HURADO PARA SA ISANG PAGTATALO NA NAUUGNAY SA MGA TUNTUNING ITO O SA IYONG PAGGAMIT NG PLATFORM; AT (ii) IKAW AT KAMI AY SUMASANG-AYON NA WALANG PARTIDO ANG MAGSASAMPA NG ANUMANG ASUNTO, PAGKILOS, PAGLILITIS, O PAGHAHABOL NG ANUMANG KALIKASAN NA NAUUKOL SA MGA TUNTUNING ITO O SA IYONG PAGGAMIT NG

PLATFORM LABAN SA IBANG PARTIDO BILANG ISANG NAGSASAKDAL O MIYEMBRO NG KLASA SA ANUMANG NASABING KLASA, PINAGSAMANG, O KINATAWANG PAGLILITIS.

- b. Tanging kung ang User ay isang “mamimili” (ayon ng tinukoy sa ibaba), ang mga sumusunod na tuntunin ay dapat ding iangkop sa Arbitrasyon: (i) anumang paghahabol na nasa saklaw ng hurisdiksyon ng isang korte para sa mga maliit na paghahabol ay maaaring isampa sa naturang korte para sa mga maliit na paghahabol. Para sa pag-iwas sa pagdududa, ang lahat ng iba pang mga paghahabol ay dapat isumite sa Arbitrasyon; (ii) lahat ng mga remedyo na magagamit sa ilalim ng mga naaangkop na pederal, estado o lokal na batas ay dapat na magagamit sa Arbitrasyon; (iii) ang arbitrador ay dapat na isang walang kinikilingan na partido at ang mamimili ay maaaring lumahok sa proseso ng pagpili ng isang arbitrador; (iv) ang Arbitrasyon ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng video o sa isang lokasyon na malapit sa tirahan ng mamimili; (v) tungkol sa halaga ng Arbitrasyon, kapag pinasimulan ng isang mamimili ang Arbitrasyon, ang tanging bayad na kailangang bayaran ng mamimili ay \$250. Ang lahat ng iba pang mga gastos sa Arbitrasyon ay dapat na sagutin namin, kabilang ang anumang natitirang JAMS Case Management Fee at lahat ng mga propesyonal na bayad para sa mga serbisyo ng arbitrador; (bagaman sasagutin ng bawat partido ang kani-kanilang mga legal na bayarin). Kapag nagpasimula kami ng Arbitrasyon, babayaran namin ang lahat ng gastos na nauugnay sa Arbitrasyon; at (vi) ang pagtuklas ng impormasyon na walang legal na karapatan na nauugnay sa pagtatalo ay dapat pahintulutan. Para sa mga layunin ng Mga Tuntuning ito, ang "mamimili" ay nangangahulugang isang indibidwal na naghahanap o nakakakuha ng anumang mga produkto o mga serbisyo, nang pangunahin para sa mga layunin ng pang-personal na pamilya o sambahayan, kabilang ang mga transaksyon sa kredito na nauugnay sa mga naturang pagbili, o mga personal na transaksyon sa pagbabangko.
23. **Pagtatalaga.** Ang Mga Tuntuning ito ay sisiguro para sa pakinabang ng at maging obligado sa mga partido nito, sa kanilang mga kahalili at mga pinahihintulutang italaga. Hindi mo maaaring italaga ang Kasunduang ito nang walang nakasulat na pagsang-ayon ng Suvoda. Maaari naming italaga ang alinman sa aming mga karapatan o italaga ang alinman sa aming mga tungkulin sa ilalim ng Mga Tuntuning ito sa sinumang tao o entidad.
24. **Pagkahihiwalay.** Kung ang anumang probisyon ng Mga Tuntuning ito ay itinakda ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon na salungat sa batas, ang probisyon ay babaguhin ng korte at bibigyang-kahulugan upang maisakatuparan ang mga layunin ng orihinal na probisyon hanggang sa ganap na pinahihintulutan ng batas, at ang natitirang mga probisyon ng Kasunduang ito ay mananatiling may bisa.
- Pagwawakas.** Ang iyong pag-akses sa Platform ay wawakasan sa pag-expire o pagwawakas ng subscription ng Kostumer sa Platform. Bilang karagdagan, ang iyong pag-akses sa Platform ay maaaring wakasan ng Kostumer o namin nang mas maaga, para sa anumang dahilan o walang dahilan kailanman. Gayunpaman, kabilang sa karaniwang mga dahilan kung bakit namin maaaring wakasan o suspindihin ang iyong pag-akses sa Platform ay, nang walang limitasyon, ang iyong paglabag sa Mga Tuntuning ito, ang iyong maling pag-uugali, o dahil sa isang kaganapan sa seguridad, pagbabanta sa pagpapatakbo, pananagutan o iba pa na nauugnay sa pagpapatakbo ng Platform.
25. **Mga Tuntuning Naaangkop Sa Mga Mamimili sa New Jersey.** Walang probisyon sa Mga Tuntuning ito ang dapat iangkop sa sinumang mamimili sa New Jersey kung nililimitahan ng probisyon ang mga remedyo para sa (i) kapabayaang, (ii) mga paghahabol sa pananagutan sa mga produkto, (iii) ang mga batas sa pera na iginawad batay sa disiplina, (iv) ang New Jersey Uniform Commercial Code, o (v) kabiguang makatwirang protektahan laban sa pinsalang nagmumula sa tiyak na mga kriminal na gawain ng mga ikatlong partido (hal., pag-hack ng computer at pagnanakaw ng pagkakakilanlan). Ang mga probisyon ng Mga Tuntuning ito tungkol sa pagbubukod o limitasyon ng tiyak na mga pinsala ay hindi naaangkop sa New Jersey tungkol sa pera na iginawad batay sa batas, pera na iginawad batay sa disiplina, pagkawala ng datos, at pagkawala ng o pinsala sa ari-arian. Inilalaan ng Suvoda ang lahat ng karapatan, mga depensa, at mga pinahihintulutang limitasyon sa ilalim ng mga batas ng New Jersey at sa ilalim ng mga batas ng iyong estado ng paninirahan.
26. **Buong Kasunduan.** Ang Mga Tuntuning ito, kasama ang aming Paunawa sa Pagkapribado, ay sumasalamin sa buong kasunduan sa pagitan namin at sa iyo tungkol sa paksa nito, at pumalit sa lahat ng nakaraang nakasulat o pasalitang negosasyon, mga pangako at mga sinulat. Walang mga pangako, mga ipinahayag, mga pagkakaunawaan, mga garantiya at mga kasunduan ang ginawa na ng alinman sa mga partido maliban sa tahasang tinukoy dito. Walang pagbabago o karagdagan sa Mga Tuntuning ito ang magiging tumpak maliban kung nakasulat at nilagdaan ng isang awtorisadong kinatawan ng bawat isa sa amin at sa iyo.

*Huling Na-update:* Setyembre 1, 2025

## PAUNAWA SA PAGKAPRIBADO NG SUVODA

*Huling Na-update:* Setyembre 1, 2025

Iginagalang ng Suvoda LLC at ng mga kaakibat nito (“**Suvoda**,” “**Greenphire**,” “**kami**,” “**kami**,” o “**amin**”) ang iyong pagkapribado. Ang Paunawa sa Pagkapribado (“**Paunawa**”) na ito ay naglalarawan sa pagpoproseso ng Personal na Impormasyon (tinukoy sa ibaba) na ibinibigay, kinokolekta, o isiwalat

habang ibinibigay ang aming mga produkto o mga serbisyo sa iyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Teknolohiya sa Nakikipag-ugnayan na Pagtugon (Interactive Response Technology, "IRT"), eConsent, Pag-iiskedyul, Greenphire Travel, (Mga) Elektronikong Pagtatasa ng Mga Klinikal na Kinalabasan (Electronic Clinical Outcomes Assessment(s), "eCOA"), Greenphire na Mga Pagbabayad sa Pasyente, Pagbabadyet at Benchmarking, at mga produkto at mga kaugnay na serbisyo sa Pagbabayad sa Lugar ng Pagsubok ("**Mga Serbisyo**") ng Suvoda. Kaugnay ng Mga Serbisyo, maaari ka ring mabigyan ng pag-akses sa isang aparato, SIM card o iba pang hardware ("Hardware").

Inilalarawan din ng Paunawang ito ang mga karapatan na maaaring mayroon ka sa ilalim ng mga naaangkop na batas. Mangyaring basahin nang mabuti ang Paunawang ito upang maunawaan ang aming mga patakaran at mga kasanayan tungkol sa iyong Personal na Impormasyon at kung paano namin ito ituturing. Kung kailangan mo ang paunawang ito sa isang nada-download o naa-akses (malaking-print) na format mangyaring [mag-click dito](#) o kontakin kami sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com).

## Personal na Impormasyon na Kinokolekta Namin

Nangongolekta kami ng ilang kategorya ng Personal na Impormasyon mula sa at tungkol sa mga user ng aming Platform at Mga Serbisyo ("ikaw"). Ang "**Personal na Impormasyon**" ay impormasyon na natatanging nagpapakilala, nauugnay, naglalarawan, o makatuwirang may kakayahang maiugnay sa o mai-link sa iyo. Ang mga kategorya ng Personal na Impormasyong kinokolekta namin ay maaaring kinabibilangan ang:

- *Impormasyon sa Pag-kontak* - Kung magsumite ka ng isang tanong, magparehistro para sa isang account, o magbigay ng impormasyon sa o sa pamamagitan ng aming Platform o Mga Serbisyo, maaari naming kolektahin ang iyong impormasyon sa pag-kontak kabilang ang iyong pangalan, username, password, adres sa koreo, adres sa email, pangalan ng kumpanya, titulo ng trabaho, numero ng telepono, numero ng fax, time zone, at ang mga nilalaman ng anumang mga mensahe na iyong ipinadala sa amin.
- *Impormasyon sa Paggamit/Log* - Kapag ginamit mo ang aming Mga Serbisyo, maaari kaming mangolekta at magpanatili ng impormasyon (tulad ng 'mga log') tungkol sa iyong paggamit sa Mga Serbisyo, kabilang ang anumang mga aksyon na iyong gagawin kaugnay ng Mga Pag-aaral kung saan mayroon kang pag-akses. Bilang karagdagan, maaari naming awtomatikong itala ang impormasyon, kabilang ang iyong Internet Protocol na adres ("IP Address"), geolocation ng iyong aparato, modelo at resolusyon ng aparato, bersyon ng operating system, kasaysayan ng pagba-browse, lokal na petsa at oras, mga antas ng baterya ng aparato, mga pagtatangka sa pag-log-in, uri ng browser, mga domain name na nauugnay sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa internet, mga pagbabasa mula sa mga naaangkop na aparato (halimbawa, tulad ng mga antas ng glucose sa dugo), at anumang iba pang impormasyon tungkol sa iyong pakikipag-ugnayan sa aming Mga Serbisyo.
- *Impormasyon sa Komunikasyon* - Maaari kaming mangolekta ng Personal na Impormasyong nakapaloob sa loob ng iyong mga komunikasyon sa amin sa pamamagitan ng email, kakayahan ng chat, social media, telepono, o sa ibang paraan, kabilang sa pamamagitan ng paggamit ng artificial intelligence, at sa tiyak na mga kaso, maaari kaming gumamit ng mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo para gawin ito. Kung pinahihintulutan ng naaangkop na batas, maaari kaming mangolekta at magpanatili ng mga talaan ng mga tawag at mga chat kasama ang aming mga ahente, mga kinatawan, o mga empleyado sa pamamagitan ng mensahe, chat, post, o katulad na kakayahan.
- *Impormasyon sa Klinikal na Pagsubok* - Maaari kaming mangolekta ng Personal na Impormasyon na may kaugnayan sa paggamit ng aming Mga Serbisyo at sa pangangasiwa ng mga klinikal na pagsubok, kabilang ang iyong pangalan, pangalan sa pagkadalaga, mga inisyal, adres sa email, tinitirahan, numero ng telepono, wika, numero ng social security o iba pang numero ng pagkakakilanlan ng pamahalaan, username, password, mga sagot sa mga panseguridad na tanong, numero, larawan, at petsa ng pag-expire ng pasaporte, kasarian, gender, permiso sa paninirahan, lugar ng kapanganakan, at bansang pinag-isyu, petsa at bansa ng kapanganakan, impormasyong nauugnay sa kalusugan, genetic na impormasyon, pagkakakilanlan ng Pag-aaral, impormasyon sa kalendaryo, mga petsa at mga oras ng appointment, at iba pang impormasyong nauugnay sa mga pagbisita ng Kalahok at mga Kalahok, kabilang ang numero sa pagsasala, ID ng Kalahok o numero ng kalahok, at katayuan), impormasyong nauugnay sa pamamahagi ng gamot, impormasyong nauugnay sa mga kahilingan sa logistics (kabilang ang mga tala ng serbisyo at mga numero ng frequent flyer o iba pang reward), impormasyong nauugnay sa pagsang-ayon kabilang ang mga pirma ng Pasyente at tagapag-alaga, at impormasyong nauugnay sa at/o ibinigay bilang tugon sa mga pagtatasa sa klinikal na kinalabasan (kabilang ang impormasyong nauugnay sa kalidad ng buhay habang lumalahok sa isang klinikal na pagsubok).
- *Impormasyong Pananalapi* - Kung gagamitin mo ang aming Mga Serbisyo, maaari kaming mangolekta ng impormasyong pananalapi, kabilang ang sa pamamagitan ng aming ikatlong partido na tagaproseso ng pagbabayad, upang mapadali ang mga pagbabayad, tulad ng numero ng account sa bangko, numero, uri, at petsa ng pag-expire ng debit card, impormasyong nauugnay sa mga balanse sa card at mga nakabinbing pagbabayad, ID sa buwis, ID ng nagbabayad, numero ng social security, at mga larawan ng iyong mga resibo para sa pagbabalik bayad.

Kung hindi ka magbigay ng alinman sa impormasyong ito, o kung hindi namin ito makokolekta sa anumang kadahilanan, maaaring hindi namin maibigay sa iyo ang Mga Serbisyo.

## Paano Namin Kinokolekta ang Personal na Impormasyon

- *Direktang Mula sa Iyo* - Kinokolekta namin ang Personal na Impormasyon na ibinibigay mo sa amin nang direkta, halimbawa, kung pipiliin mong kontakin kami, humiling ng impormasyon mula sa amin, mag-sign up upang makatanggap ng mga update, o sa ibang paraan gamitin ang aming Platform o Mga Serbisyo.
- *Mula sa Mga Ikatlong Partido* - Maaari kaming mangolekta ng Personal na Impormasyon mula sa mga ikatlong partido, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga Kostumer at sa kanilang at aming mga kasosyo sa negosyo, mga tagapagbigay ng serbisyo sa analytics sa datos, mga tagapagbigay ng serbisyo sa mobile na aparato, mga tagapagbigay ng serbisyo sa Internet o mobile, mga tagapagbigay ng serbisyo sa platform para sa mobile na aplikasyon.
- *Sa pamamagitan ng mga Teknolohiya sa Online na Pagsusubaybay* - Gumagamit kami ng mga cookie at mga katulad na teknolohiya sa tiyak na mga produkto upang awtomatikong mangolekta ng Personal na Impormasyon habang binibisita mo ang aming Platform. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming paggamit ng mga teknolohiyang ito, tingnan ang *patakaran sa mga Cookie at mga Teknolohiya sa Pagsusubaybay*.

## Paano Namin Ginagamit ang Personal na Impormasyon

Sa hanggan na pinahihintulutan ng naaangkop na batas, ginagamit namin ang Personal na Impormasyon:

- *Upang ibigay at gawing pansarili ang aming Mga Serbisyo*, tulad ng pagsuporta sa logistics ng klinikal na pagsubok, pagpoproseso o pagtutupad sa mga order ng card, pagbibigay ng mga push na abiso, mga mensahe ng abiso, at mga mensahe ng datos, pamamahala sa pagpaparehistro ng token, pagpoproseso ng mga pagbabayad, pagbibigay ng serbisyo sa kostumer, pagpapanatili o pagseserbisyo ng mga account, pagbibigay ng pagpopondo, pagpapatunay ng impormasyon ng kostumer, paglilikha at pagpapanatili ng mga talaan ng negosyo, pagpapatunay ng pagiging karapat-dapat, at pagsasagawa o pagbibigay ng mga katulad na serbisyo. Kung ang Hardware ay bahagi ng Mga Serbisyo, maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong pangalan at ang impormasyon sa pag-kontak na ibinibigay mo sa amin sa mga ikatlong partido upang maipadala sa iyo ang Hardware na gagamitin sa isang Pag-aaral. Bukod pa rito, maaari kaming gumamit at magbigay ng impormasyon tungkol sa paggamit ng anumang Hardware sa mga ikatlong partido kung kinakailangan upang maibigay ang Mga Serbisyo at/o Hardware, kabilang nang walang limitasyon, ang kasaysayan ng pagba-browse, software at mga setting ng Hardware, at impormasyong nabuo ng Hardware.
- *Upang gumawa ng mga pag-audit na pinagdaanan*, kabilang ang pagsusubaybay sa iyong mga aktibidad sa Mga Serbisyo. Ang iyong mga aktibidad sa Mga Serbisyo ay maaaring lalagyan ng iyong username o pagkakakilanlan ng user, pangalan, at apelyido, at iuugnay sa iyo upang subaybayan ang iyong mga aktibidad sa Mga Serbisyo (ang "Pag-audit na Pinagdaanan"). Ang impormasyong ito ay itatago namin kahit na pagkatapos na matanggal ang iyong account o nakumpleto na ang Pag-aaral kung saan ka lumahok. Ang impormasyong ito ay maaaring ibahagi, kasama ng iba pang impormasyon na may kaugnayan sa Pag-aaral, sa Isponsor at/o iba pang mga ikatlong partido, kabilang ang mga administratibong awtoridad, na maaaring itinagubilin ng Isponsor, upang maitupad ang aming mga obligasyon sa kontrata at/o alinsunod sa isang administratibong kinakailangan. Mangyaring tingnan ang seksyong "**Gaano Katagal Namin Itatago ang Iyong Personal na Impormasyon**" sa ibaba para sa higit pang impormasyon.
- *Upang mapahusay, mapabuti, at mapanatili ang aming Mga Serbisyo*, kabilang ang pag-uunawa at pagsusuri kung paano nakikipag-ugnayan ang mga user sa aming Mga Serbisyo, pagsukat ng interes ng user sa tiyak na Mga Serbisyo o kakayahan, manghingi ng komento tungkol sa aming Mga Serbisyo, at paglulutas ng mga problema.
- *Para sa panloob na pananaliksik at pagbuo*, tulad ng pagsubok, pagpapatunay, at pagpapabuti ng kalidad ng aming Mga Serbisyo o pagbuo ng mga bagong serbisyo.
- *Para sa pakikipag-usap sa iyo*, tulad ng pagtugon sa iyong mga tanong at komento, pag-aabiso sa iyo ng mga pagbabago sa aming Mga Serbisyo, kabilang sa pamamagitan ng paggamit ng artificial intelligence at pagpapadala ng mga pang-promosyon na materales sa Mga Kostumer na User tungkol sa aming Mga Serbisyo, kabilang ang sa pamamagitan ng mga elektronikong paraan tulad ng mga email. Mangyaring tandaan na maaari naming gamitin ang adres sa email o numero ng mobile na telepono na iyong ibinigay upang magpadala sa iyo ng mga abiso na may kaugnayan sa Pag-aaral na iyong ina-akses o kung saan ka lumalahok. Ang mga abisong ito ay ipinapadala sa kahilingan ng Isponsor. Kung nais mong ihinto ang pagtanggap ng mga abisong iyon, mangyaring kontakin nang direkta ang Isponsor. Para sa mga kadahilangang legal, panseguridad, o pangkaligtasan, tulad ng pagprotekta sa kaligtasan, pag-aari, o karapatan namin at ng aming mga user; pagpapatupad sa mga kinakailangan sa batas at administrasyon; pagpapatupad ng aming mga tuntunin, mga kundisyon, at mga patakaran; pagtutuklas, pagpipigil, at pagtutugon sa mga insidente sa seguridad; at pagpoprotekta laban sa mapoot, mapanlinlang, magdaraya, o hinid legal na aktibidad.
- *Bilang bahagi ng isang transaksyon ng korporasyon*, tulad ng may kaugnayan sa pagbebenta ng bahagi o lahat ng aming mga ari-arian o negosyo, ang pagkuha ng bahagi o lahat ng ibang negosyo o mga ari-arian ng ibang negosyo, o isa pang transaksyon ng korporasyon, kabilang ang pagkabangkarote.
- *Upang matupad ang anumang iba pang layunin kung saan mo ito ibinigay*, kabilang ang mga layuning inilarawan kapag ibinigay mo ang impormasyon o ibinigay ang iyong pagsang-ayon.

## Paano Namin Isiwalat ang Personal na Impormasyon

Maaari naming isiwalat ang pinagsama-samang impormasyon tungkol sa aming mga user, at impormasyong hindi nagpapakilala sa sinumang indibidwal, nang walang paghihigpit.

Maaari naming isiwalat ang iyong Personal na Impormasyon nang may pagsang-ayon mo o sa mga sumusunod mga pangyayari:

- *Mga Empleyado at Iba Pang Tauhan* – Maaari kaming magbahagi ng Personal na Impormasyon sa aming mga empleyado at tauhan (tulad ng mga kontratista) na may kailangang malaman ang impormasyon para sa aming mga layunin sa negosyo.
- *Mga Kaakibat* – Maaari kaming magbahagi ng Personal na Impormasyon sa loob ng aming pamilya ng mga kumpanya para sa mga layunin ng kanilang at aming negosyo at pagbebenta, kabilang ang naka-target na promosyon at pakikipag-usap sa iyo tungkol sa iyong paggamit ng Mga Serbisyo, mga problema sa pagmementina, at pagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa Mga Serbisyo na sa aming palagay ay maaaring interesante para sa iyo.
- *Mga Tagapagbigay ng Serbisyo* – Isinisiwalat namin ang iyong Personal na Impormasyon sa mga tagapagbigay ng serbisyo/mga kontratista na ginagamit namin upang suportahan ang aming negosyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga kasosyo sa tulong sa paglalakbay at logistics, mga rideshare na operator, mga tagapagbigay ng serbisyo sa analytics sa datos, mga tagapagbigay ng serbisyo sa pagho-host ng website, at mga tagapagbigay ng serbisyo sa iba pang teknolohiya.
- *Mga Kasosyo sa Negosyo* – Maaari naming isiwalat ang Personal na Impormasyon sa mga pinagkakatiwalaang kasosyo sa negosyo.
- *Mga Entidad na Nagsasagawa ng Mga Klinikal na Pagsubok* – Kung ikaw ay isang Kalahok sa klinikal na pagsubok o ang tagapag-alaga ng isang Kalahok sa klinikal na pagsubok, maaari naming ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon kaugnay ng pangangasiwa ng mga pagsubok, kasama ang mga lugar ng pagsubok, mga miyembro ng kawani ng lugar, Mga Isponsor at yaong mga nagtatrabaho sa ngalan ng Mga Isponsor, kabilang ang mga organisasyon ng kontrata sa pananaliksik.
- *Mga Institusyong Pinansyal* – Kung ang iyong paggamit ng Mga Serbisyo ay nangangailangan ng mga pagbabayad sa iyo, tulad ng kung ikaw ay isang Kalahok sa klinikal na pagsubok, maaari naming ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa mga institusyong pinansyal at mga kaugnay na partido upang maibigay ang mga pagbabayad na ito sa iyo, kabilang ang mga tagaproseso ng card, mga tagapagbigay ng serbisyo sa pagpapalit ng card, at kilalanin ang iyong mga tagapagbigay ng serbisyo sa pagpapatunay ng kostumer.
- *Mga Administratibong Ahensya* – Maaari naming isiwalat ang Personal na Impormasyon kasabay ng pag-audit ng Pangangasiwa sa Pagkain at Gamot o iba pang administratibong ahensya.
- *Mga Kadahilanan sa Legal na Obligasyon o Kaligtasan* – Maaari naming isiwalat ang Personal na Impormasyon sa isang ikatlong partido kapag mayroon kaming katapatan sa layunin na ang naturang pagsisiwalat ng Personal na Impormasyon ay makatwirang kinakailangan upang (a) matugunan o matupad sa anumang kinakailangan ng batas, regulasyon, legal na proseso, o maipapatupad na kahilingan ng pamahalaan, (b) ipatupad o imbestigahan ang isang potensyal na paglabag sa anumang mga tuntunin o kasunduan na mayroon ka sa amin, (c) tuklasin, pigilan, o tumugan sa ibang paraan sa mga alalahanin sa pagdaraya, seguridad o teknikal, (d) suportahan ang pag-audit at pagtupad sa mga tungkulin, o (e) protektahan ang mga karapatan, ari-arian, o kaligtasan ng Suvoda, ng mga empleyado at mga Kostumer nito, o ng publiko laban sa pinsala.
- *Pagsama-sama o Pagbabago ng Kontrol* - Maaari naming isiwalat ang Personal na Impormasyon sa mga ikatlong partido ayon sa kinakailangan kung kasangkot kami sa isang pagsasama, pagkuha, o anumang iba pang transaksyon na kinasasangkutan ang isang pagbabago ng kontrol sa aming negosyo, kabilang ngunit hindi limitado sa, isang pagkabangkarote o katulad na paglilitis. Kung saan legal na kinakailangan, bibigyan ka namin ng paunawa bago ang naturang pagsisiwalat.
- *Iba pa* – Maaari naming isiwalat ang Personal na Impormasyon sa mga ikatlong partido kapag tahasang hiniling o sinang-ayunan mo, o para sa mga layunin para sa aling isiniwalat mo ang Personal na Impormasyon sa amin ayon sa ipinahiwatig sa oras at punto ng pagsisiwalat (o ayon sa malinaw sa oras at punto ng pagsisiwalat).

## Mga Cookie at Iba Pang Mga Teknolohiya sa Pagsusubaybay

Kami at ang aming mga tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring gumamit ng mga cookie at mga katulad na teknolohiya upang mangolekta ng impormasyon sa paggamit at ng browser tungkol sa kung paano mo ginagamit ang aming Platform. Ang mga teknolohiyang ginagamit namin para sa awtomatikong pagkolekta ng datos na ito ay maaaring kabilang ang mga cookie at mga web beacon na nagpapahintulot sa amin na mapatunayan ang integridad ng sistema at server at bumuo ng mga istatistika tungkol sa kasikatan ng tiyak na nilalaman. Pinoproseso namin ang impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng mga naturang teknolohiya, na maaaring kinabibilangan o upang isama sa Personal na Impormasyon, upang makatulong sa pagpapatakbo ng tiyak na mga tampok ng aming Platform, upang mapahusay ang iyong karanasan sa pamamagitan ng pagpapasadya, at upang matulungan kaming mas maunawaan ang mga tampok ng aming Platform na pinaka-interesante sa iyo at sa iba pang mga user.

- **Pakikipag-ugnayan sa Kostumer:** Pinapahusay namin ang aming mga pakikipag-ugnayan sa kostumer sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga tampok tulad ng mga tagaproseso ng pagbabayad upang mapadali ang mga online na pagbabayad. Ang bawat isa sa mga alok na ito ay pinamamahalaan ng mga

tuntunin, mga kundisyon, at mga patakaran ng pinagbabatayan na tagapagbigay ng serbisyo.

**Google Analytics:**Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung paano ginagamit ng Google ang datos, bisitahin [ang Patakaran sa Pagkapribado ng Google](#) at pahina ng Google sa "[Paano ginagamit ng Google ang datos mula sa Platform o mga app na gumagamit ng aming mga serbisyo](#)". Maaari mong i-download ang [Google Analytics Opt-out Browser Add-on](#) para sa bawat web browser na iyong ginagamit, ngunit hindi nito pinipigilan ang paggamit ng iba pang mga tool sa analytics. Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga cookie ng Google Analytics, bisitahin [ang Paggamit ng Cookie ng Google Analytics sa Mga Website](#).

*Pagbebenta o Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon* – Bagama't hindi kami nagbebenta ng Personal na Impormasyon kapalit ng pagsasaalang-alang sa pera, nagbabahagi kami ng Personal na Impormasyon para sa iba pang mga benepisyo na maaaring ituring na isang "pagbebenta" o "pagbabahagi" sa ilalim ng iba't ibang mga batas sa proteksyon ng datos, dahil ang mga ito ay tinutukoy nang malawak kung minsan na kabilang sa mga aktibidad tulad ng paghahatid ng promosyon na nakabatay sa interes sa mga website o pagpapahintulot sa mga ikatlong partido na makatanggap ng tiyak na impormasyon, tulad ng mga cookie, IP adres, at/o pag-uugali ng pagba-browse. Pareho kaming nakikibahagi sa promosyon na nakabatay sa interes kapag gumagamit kami ng datos tungkol sa iyong mga aktibidad sa aming Platform upang maghatid sa iyo ng mga ad sa mga website na pagmamay-ari o kontrolado ng mga ikatlong partido. Nasa kontekstong ito na nagbigay kami sa mga network ng pagpo-promosyon, mga tagapagbigay ng serbisyo sa analytics sa datos, mga social network, at mga platform ng pagbabahagi ng video, ng Personal na Impormasyon tulad ng iyong IP adres, impormasyon ng aparato, impormasyon sa aktibidad sa Internet at iba pang elektronikong network, at impormasyon sa geolocation sa huling labindalawang buwan.

Mag-click dito upang repasuhin ang [Patakaran sa Cookie](#).

## **Gaano Katagal Namin Itatago ang Iyong Personal na Impormasyon**

Itatago namin ang iyong impormasyon hangga't kinakailangan: (i) upang magsagawa ng negosyo sa mga Kostumer; (ii) upang matupad ang mga layuning nakalista sa Paunawang ito; at (iii) upang matupad ang aming mga legal at administratibong obligasyon, lutasin ang mga pagtatalo, at matupad ang anumang mga kasunduan.

Pamantayan na gagamitin namin upang matukoy kung gaano katagal itago ang iyong Personal na Impormasyon kabilang ang katangian ng aming relasyon sa negosyo sa iyo; ang aming mga legal na karapatan, mga obligasyon, at mga kinakailangan sa pagtatago; at kung mayroon kaming patuloy na layunin sa negosyo para sa pagtatago ng iyong Personal na Impormasyon, tulad ng pakikipag-usap sa iyo tungkol sa patuloy o mga inaasahang Mga Serbisyo na iyong hiniling.

Mangyaring tandaan na itatago namin ang Pag-audit na Pinagdaanan kung kinakailangan upang matupad ang aming mga obligasyon sa legal, sa administratibo, o sa kontrata. Sa mga kasong iyon, ihihiwalay ang Personal na Impormasyon upang limitahan ang pagpoproseso ng datos at ang Personal na Impormasyon ay iimbak at itatago upang tuparin sa kaukulang naaangkop na mga obligasyon sa legal, sa administratibo, o sa kontrata.

## **Mga Link sa Mga Website ng Ikatlong Partido**

Hindi kami mananagot para sa mga kasanayang ginagamit ng anumang mga website o mga serbisyong naka-link sa o mula sa aming Platform, kabilang ang impormasyon o nilalamang nakapaloob sa mga ito. Hinihikayat ka namin na imbestigahin at magtanong bago isiwalat ang Personal na Impormasyon sa mga ikatlong partido, dahil ang anumang isiniwalat na Personal na Impormasyon ay pinangangasiwaan alinsunod sa naaangkop na patakaran sa pagkapribado ng ikatlong partido.

Sa ilang mga kaso, nag-aalok kami ng mga link sa mga platform ng social media (tulad ng Facebook, Instagram, LinkedIn, X (dating kilala bilang Twitter), at YouTube) na nagbibigay-daan sa iyong madaling kumonekta sa amin o magbahagi ng impormasyon sa social media. Ang anumang nilalamang ipo-post mo sa pamamagitan ng mga pahina ng social media na ito ay napapailalim sa Mga Tuntunin ng Paggamit at Mga Patakaran sa Pagkapribado para sa mga platform na iyon.

## **Internasyonal na Paggamit at mga Paglipat ng Datos sa Kabila ng mga Hangganan**

Kung ina-akses mo ang aming mga produkto, mangyaring tandaan na ang aming mga produkto ay naka-host sa United States at Europe. Kung saan pinahihintulutan ng naaangkop na batas, ang Suvoda ay naglilipat, nagpoproseso, at nag-iimbak ng impormasyon tungkol sa iyo sa mga server na matatagpuan sa ilang bansa, kabilang ang United States, na hindi nag-aalok ng katumbas na antas ng proteksyon sa mga usapin sa pagkapribado na inaalok sa ibang mga teritoryo tulad ng European Union. Maaari din naming i-subcontract ang pagproseso sa, o ibahagi ang iyong impormasyon sa, mga ikatlong partido na matatagpuan sa mga bansa maliban sa iyong sariling bansa.

Mangyaring tandaan na sa tiyak na mga sitwasyon, maaaring kailanganin naming isiwalat ang Personal na Impormasyon bilang tugon sa mga legal na

kahilingan ng mga pampublikong awtoridad, kabilang ang upang matugunan ang mga kinakailangan sa pambansang seguridad o pagpapatupad ng batas.

*Para sa mga indibidwal sa Japan:* Tulad ng nabanggit sa seksyong *Paano Namin Isiwalat ang Personal na Impormasyon* sa itaas, sama-sama naming ginagamit ang iyong Personal na Impormasyon sa aming mga subsidiary at mga kaakibat para sa mga layuning inilarawan sa Paunawang ito. Ang mga kategorya ng magkasanib na ginagamit na Personal na Impormasyon ay inilalarawan din sa seksyong *Personal na Impormasyon na Kinokolekta Namin* ng Paunawang ito. Ang partidong mananagot para sa magkasanib na paggamit na ito ay ang Suvoda Software GK, Roppongi Hills North Tower 17F, 6-2-31 Roppongi, Minato-ku, Tokyo 106-0032, Japan. Para sa higit pang impormasyon sa pinagsamang paggamit, mangyaring kontakin kami sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com).

Mangyaring tandaan na ang iyong Personal na Impormasyon ay maaaring ilipat sa labas ng Japan. Kapag inilipat namin ang iyong Personal na Impormasyon sa mga hurisdiksyon na hindi kinikilala bilang “sapat” ng Komisyon sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon (Personal Information Protection Commission, “PPC”), kung saan at ayon sa kinakailangan sa ilalim ng Japanese Act sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon, sumali kami sa mga nakasulat na kasunduan kasama ang mga ikatlong partido na nasa labas ng Japan. Para sa paglalarawan ng mga dayuhang sistema at mga balangkas na maaaring makaapekto sa pagpapatupad ng mga katumbas na hakbang ng ikatlong partido, tingnan [dito](#).

Para sa higit pang impormasyon sa mga paglipat sa kabila ng mga hangganan, mangyaring kontakin kami sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com).

Ipapatupad namin ang mga hakbang sa seguridad na idinisenyo upang protektahan ang iyong Personal na Impormasyon, kabilang ang sa pamamagitan ng paghirang ng isang tao na mananagutan sa pagkontrol kung paano pinangangasiwaan ang personal na impormasyon at paglililaw sa saklaw ng Personal na Impormasyon na pangangasiwaan ng mga tauhan.

Kung naniniwala kang nilabag namin ang alinman sa mga karapatang ibinibigay sa iyo sa ilalim ng Act sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon, maaari kang magsampa ng reklamo sa PPC.

*Para sa mga indibidwal sa European Union, European Economic Area, Switzerland, Brazil, at United Kingdom:* Ililipat lamang ng Suvoda ang Personal na Impormasyon sa mga ikatlong partido na matatagpuan sa labas ng mga rehiyong ito kapag napatupad na nito ang mga naaangkop na pananggalang para sa paglilipat ng naturang Personal na Impormasyon sa pamamagitan ng mga pamamaraan na ayon sa batas at naaprubahan.

Sa kasalukuyan, ang Suvoda ay tumutupad sa EU-US Balangkas sa Pagkapribado ng Datos (EU-US Data Privacy Framework, “EU-US DPF”), sa UK Extension sa EU-US DPF, at sa Swiss-US Balangkas sa Pagkapribado ng Datos (Swiss-U.S. Data Privacy Framework, “Swiss-US DPF”) ayon sa itinakda ng US Department of Commerce, tungkol sa pagpoproseso ng Personal na Impormasyong natanggap mula sa EU, ang UK, at Switzerland, ayon sa pagkakabanggit at kasama ng Brazilian Pangkalahatang Batas sa Proteksyon ng Datos (General Data Protection Law, “LGPD”). Napatunayan ng Suvoda sa US Department of Commerce na sumusunod ito sa EU-US mga Prinsipyo ng Balangkas ng Pagkapribado ng Datos (EU-US Data Privacy Framework Principles, “EU-US DPF Principles”) tungkol sa pagpoproseso ng personal na datos na natanggap mula sa European Union na umaasa sa EU-US DPF at mula sa United Kingdom (at Gibraltar) na umaasa sa UK Extension sa EU-US DPF. Napatunayan ng Suvoda sa US Department of Commerce na sumusunod ito sa mag prinsipyo ng programa na Swiss-US Balangkas ng Pagkapribado ng Datos (Swiss-US Data Privacy Framework program principles, “Swiss-US DPF Principles”) at kasama ng EU-US mga Prinsipyo ng DPF, ang “DPF Principles”) tungkol sa pagpoproseso ng personal na datos na natanggap mula sa Switzerland na umaasa sa Swiss-US DPF.

Kung mayroong anumang salungatan sa pagitan ng mga tuntunin sa Paunawang ito at ng mga Prinsipyo ng DPF at/o ng Swiss-US Prinsipyo ng DPF, ang naaangkop na Prinsipyo ng DPF ang mamamahala. Upang matuto nang higit pa tungkol sa programa ng Balangkas ng Pagkapribado ng Datos (Data Privacy Framework, “DPF”), at upang tingnan ang aming sertipikasyon, mangyaring bisitahin ang <https://www.dataprivacyframework.gov/>.

Sa ilalim ng DPF na programa, nangangako kaming isailalim ang lahat ng naaangkop na Personal na Impormasyong natanggap mula sa EU, UK, at Switzerland sa mga prinsipyo ng DPF, na umaasa sa EU-US DPF, ang UK extension nito, at ang Swiss-US DPF.

Ang Federal Trade Commission ay may hurisdiksyon sa pagsunod ng Suvoda sa EU-US DPF, sa UK Extension sa EU-US DPF, at sa Swiss-US DPF.

### **Ang iyong mga pagpipilian at mga karapatan sa ilalim ng DPF**

Kung ang iyong Personal na Impormasyon ay gagamitin para sa isang bagong layunin na naiiba nang makabuluhan sa (mga) layunin kung saan ito orihinal na nakolekta o pagkatapos ay pinahintulutan, o inilipat sa isang ikatlong partido na hindi ahente, bibigyan ka, kung naaangkop, ng isang pagkakataong tanggihan na gagamitin o ililipat ang iyong Personal na Impormasyon. Kung saan ang impormasyong pinag-uusapan ay Sensitibong Personal na Impormasyon, ang iyong pag-aprubang tahasang pagsang-ayon ay kukunin bago ang nilalayong pagpoproseso.

Sa ilalim ng DPF, ayon sa nakadetalye sa Paunawang ito, maaari kang, sa iyong sariling ngalan (kung saan posible) o mula sa alinman sa aming sarili o sa iyong

klinikal na lugar (ayon sa naaangkop), humingi ng kumpirmasyon tungkol sa kung pinoproseso namin ang iyong Personal na Impormasyon, humiling ng pag-akses dito, at hilingin na itama, pagbutihin o tanggalin namin ang impormasyong iyon, kung saan ito ay hindi tumpak o Naproseso na, sa paglabag sa Mga Prinsipyo ng DPF.

### **Para sa mga pasulong na paglilipat**

Kapag nakatanggap kami ng Personal na Datos sa ilalim ng prinsipyo ng DPF, nananatili kaming mananagot para sa anumang kasunod na paglilipat nito sa isang ikatlong partido ("Pasulong na Paglipat") maliban kung hindi kami mananagot para sa kaganapang nagdudulot ng anumang di-umano'y pinsala.

### **Paano gamitin ang iyong mga karapatan, humiling ng karagdagang impormasyon o magsampa ng isang reklamo sa ilalim ng DPF**

Bilang pagtupad sa mga Prinsipyo ng EU-US DPF, nangangako ang Suvoda na lutasin ang mga reklamo tungkol sa iyong pagkapribado at aming pagkolekta o paggamit ng iyong personal na impormasyon na inilipat sa United States alinsunod sa Mga Prinsipyo ng DPF. Ang mga European Union, Swiss at United Kingdom na indibidwal na may mga katanungan o mga reklamo sa DPF ay dapat munang kontakin (i) kung ikaw ay isang Kalahok o tagapag-alaga sa klinikal na pagsubok, ang iyong klinikal na lugar o (ii) kung ikaw ay hindi isang Kalahok o tagapag-alaga sa klinikal na pagsubok, kami nang direkta sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com) o sa:

#### **Suvoda LLC**

181 Washington Street, Suite 100  
Conshohocken, PA 19428  
ATTN: Privacy Officer  
Telepono: 1-855-788-6321  
Email: [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com)

#### **Suvoda SRL**

10 Bld I.C. Bratianu, Floor 3, District 3  
Bucharest, Romania, 011413  
ATTN: Privacy Officer  
Telepono: +40 (31) 2265529  
Libreng Tawag: 0800-896-362  
Email: [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com)

Bilang kahalili, maaari mo ring kontakin ang aming lokal na kinatawan:

- Sa EU sa: [be-info@cranium.eu](mailto:be-info@cranium.eu) (Local DPO din)
- Sa UK sa: [be-info@cranium.eu](mailto:be-info@cranium.eu)
- Sa Brazil sa: [dpo@mr.com.br](mailto:dpo@mr.com.br) (Lokal na DPO: MKR Consultoria LTDA)

Ang Suvoda ay nangako nang karagdagan na sumangguni tungkol sa mga hindi nalutas na reklamo sa pagkapribado sa ilalim ng mga Prinsipyo ng DPF na may kaugnayan sa mga produkto at mga serbisyo nito sa isang independyenteng mekanismo sa paglutas ng pagtatalo, Mga Serbisyo sa Balangkas ng Pagkapribado ng Datos, na pinapatakbo ng mga Nasyonal na Programa ng BBB. Kung hindi ka nakatanggap ng napapanahong kumpirmasyon ng iyong reklamo, o kung hindi kasiya-siyang natugunan ang iyong reklamo, mangyaring bisitahin ang <https://bbbprograms.org/programs/all-programs/dpf-consumers/ProcessForConsumers> para sa higit pang impormasyon at para magsampa ng reklamo. Ang serbisyong ito ay ibinibigay nang walang bayad sa iyo.

Kung hindi malutas ang iyong reklamo sa DPF sa pamamagitan ng mga paraan sa itaas, sa ilalim ng tiyak na mga kundisyon, maaari kang mag-apela sa ipinag-uutos na arbitrasyon para sa ilang residual na paghahabol na hindi nalutas ng iba pang mga mekanismo ng remedyo. Tingnan ang <https://www.dataprivacyframework.gov/s/article/G-Arbitration-Procedures-dpf?tabset-35584=2>.

**Impormasyon sa Pag-kontak.** Kung mayroong anumang mga katanungan tungkol sa Paunawang ito o kung paano namin kinokolekta, ginagamit, iniimbak o pinangangasiwaan ang Personal na Impormasyon, maaari mong kontakin kami sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com) o sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakarehistrong koreo sa:

#### **Suvoda LLC**

181 Washington Street, Suite 100, Conshohocken, PA 19428, USA

## Paano Namin Pinoprotektahan ang Personal na Impormasyon

Nagpatupad na kami ng mga hakbang na makatwiran sa komersyo na idinisenyo na maprotektahan ang iyong Personal na Impormasyon mula sa hindi inaasahang pagkawala at mula sa hindi awtorisadong pag-akses, paggamit, pagbabago, at pagsisiwalat. Sa kasamaang palad, ang pagpapadala ng impormasyon sa pamamagitan ng internet ay hindi ganap na protektado. Sa kabila ng itong mga pagsisikap na mag-imbak ng Personal na Impormasyon sa isang protektadong kapaligiran, hindi namin magagarantiya ang seguridad ng Personal na Impormasyon sa panahon ng pagpapadala nito o ng pag-iimbak nito sa aming mga sistema.

## Paggamit ng Iyong Mga Karapatan sa Pagkapribado

Depende sa kung saan ka nakatira (at ang kapasidad kung saan mo ginagamit ang Mga Serbisyo), maaari kang magkaroon ng mga sumusunod na karapatan tungkol sa iyong Personal na Impormasyon sa ilalim ng mga naaangkop na batas sa proteksyon ng datos:

- *Pag-akses* – Ang karapatang humiling ng pag-akses sa at kumuha ng isang kopya ng anumang Personal na Impormasyong maaaring mayroon kami tungkol sa iyo.
- *Pagtanggal* – Ang karapatang tanggalin ang iyong Personal na Impormasyon na aming nakolekta o nakuha, napapailalim sa tiyak na mga pagbubukod. Kung gusto mong tanggalin ang iyong Personal na Impormasyong nauugnay sa isang klinikal na pagsubok, mangyaring kontak in ang Isporsor ng Pag-aaral. Sa pagtagubilin mula sa Isporsor, maaari kaming magpatuloy sa pagtanggal ng Personal na Impormasyong ibinigay mo. Kung tatanggalin namin ang naturang Personal na Impormasyon, hindi mo na maa-akses ang ilang Mga Serbisyo.
- *Pagwawasto* – Ang karapatang humiling na iwasto namin ang anumang mga kamalian sa iyong Personal na Impormasyon, napapailalim sa tiyak na mga pagbubukod.
- *Pumili na Hindi Lumahok sa Pagpoproseso* – Ang karapatang: (a) pumili na hindi lumahok sa pagpoproseso ng iyong Personal na Impormasyon para sa mga layunin ng naka-target na pagpopromosyon, (b) pumili na hindi lumahok sa pagbebenta o pagbabahagi ng iyong Personal na Impormasyon; (c) limitahan ang paggamit ng iyong sensitibong Personal na Impormasyon (kung naaangkop), at (c) pumili na hindi lumahok sa pagpo-profile sa pagpapasulong ng mga desisyon na nagreresulta sa legal o katulad na makabuluhang mga epekto. Hindi kami nangongolekta o nagpoproseso ng sensitibong Personal na Impormasyon sa labas ng mga layuning pinahihintulutan ng batas (tulad ng seksyon 7027(m) sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Batas sa Pagkapribado ng Mamimili ng California), kaya hindi kami nag-aalok ng opsyon na limitahan ang paggamit nito. Hindi rin namin pinoprofile ka o ang iba pang mga indibidwal sa paraang nagreresulta sa legal o katulad na makabuluhang mga epekto, kaya hindi kami nag-aalok ng pagpipili na hindi lumahok.
- *Pagtutol/Paghihigpit sa Pagpoproseso* – Ang karapatang tumutol o paghihigpitan kami sa pagpoproseso ng iyong Personal na Impormasyon sa tiyak na mga pagkakataon.
- *Bawiin ang Pagsang-ayon* – Ang karapatang bawiin ang iyong pagsang-ayon kung saan kami ay umaasa sa iyong pagsang-ayon na iproseso ang iyong Personal na Impormasyon. Maaari ka ring magkaroon ng karapatang makakuha ng impormasyon sa posibilidad ng hindi pagbibigay ng pagsang-ayon at sa mga kahihinatnan ng naturang pagtanggap.
- *Awtomatikong Paggawa ng Desisyon* – Ang karapatang malaman kung napapailalim ka sa awtomatikong paggawa ng desisyon, ang Personal na Impormasyong ginamit upang ibigay ang desisyon, ang pangunahing mga salik at mga pamantayan na kasangkot sa desisyon, at pagrerepaso o pagwawasto ng tao sa desisyon (o ang datos na pinagbabatayan nito, kung naaangkop). Maaari ka ring magkaroon ng karapatang magsang-ayon o pumili na hindi lumahok sa awtomatikong paggawa ng desisyong ito, depende sa iyong lokasyon.
- *Magsampa ng Reklamo* – Ang karapatang magsampa ng reklamo sa isang administratibong awtoridad o iba pang administratibong ahensya kung naniniwala kang nilabag namin ang alinman sa mga karapatang ibinigay sa iyo sa ilalim ng mga naaangkop na batas sa proteksyon ng datos. Hinihikayat ka naming kontaking kami muna para magkaroon kami ng pagkakataong direktang tugunan ang iyong mga alalahanin bago mo ito gawin.

Maliban sa binanggit sa itaas, upang gamitin ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribado na ibinigay sa iyo sa ilalim ng mga naaangkop na batas sa proteksyon ng datos, mag-e-mail sa amin sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com). Mangyaring tandaan na, kung saan naaangkop, maaari ka naming idirekta na kumontak sa Isporsor ng naaangkop na Pag-aaral upang gamitin ang iyong mga karapatan.

Hindi ka madidiskrimina sa anumang paraan dahil sa iyong paggamit ng mga karapatang nakalista sa Paunawang ito. Gayunpaman, kung bawiin mo ang iyong pagsang-ayon o tumutol sa pagpoproseso ng iyong Personal na Impormasyon, o kung pipiliin mong hindi magbigay ng tiyak na Personal na Impormasyon, maaaring hindi namin maibigay ang ilan, o lahat, ng aming Mga Serbisyo sa iyo.

Ikaw lang, o isang awtorisadong ahente na pinahihintulutan mong kumilos sa iyong ngalan, ang maaaring gumawa ng kahilingan na may kaugnayan sa iyong

Personal na Impormasyon. Maaari ka ring humiling sa ngalan ng iyong menor-de-edad na anak. Dapat naming patunayan ang iyong pagkakakilanlan bago tuparin ang iyong mga kahilingan, at kung hindi namin mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan, maaari kaming humiling ng karagdagang impormasyon mula sa iyo. Kung ikaw ay isang awtorisadong ahente na humihiling sa ngalan ng ibang tao, kakailanganin din naming patunayan ang iyong pagkakakilanlan, na maaaring mangailangan ng patunay ng iyong nakasulat na awtorisasyon o katibayan ng isang kapangyarihan ng abogado. Sinisikap naming tumugon sa mga kahilingan sa loob ng panahon na kinakailangan ng naaangkop na batas.

Hindi kami naniningil ng bayad upang iproseso o tumugon sa iyong mga kahilingan maliban kung ang mga ito ay sobra-sobra o paulit-ulit. Kung matukoy namin na ang isang kahilingan ay nangangailangan ng bayad, sasabihin namin sa iyo kung bakit namin ginawa ang desisyong iyon at bibigyan ka ng pagtatantya ng gastos bago kumpletuhin ang iyong kahilingan. Maaari naming tanggihan ang tiyak na mga kahilingan, o tuparin lamang ang ilan nang bahagi, ayon sa pinahihintulutan o kinakailangan ng batas. Kung hindi ka nasisiyahan sa paglutas ng iyong kahilingan at binigyan ka ng karapatang mag-apela sa naturang desisyon, aabisuhan ka tungkol sa aming proseso ng apela sa aming tugon sa iyong kahilingan.

**Pagkapribado ng mga Bata**

Hindi kami sadyang nangongolekta o nanghihingi ng anumang Personal na Impormasyon mula sa mga bata, ayon ng tinukoy sa ilalim ng naaangkop na batas, nang walang nakasulat na pagsang-ayon ng magulang. Kung malaman namin na kumolekta kami ng Personal na Impormasyon mula sa isang bata nang walang naturang pagsang-ayon, agad naming gawin ang mga hakbang upang tanggalin ang impormasyong iyon.

**Para sa mga indibidwal sa European Union, European Economic Area, Switzerland, Brazil, at United Kingdom**

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagpoproseso ng Suvoda ng Personal na Impormasyon ng mga taong matatagpuan sa European Union (“EU”), European Economic Area (“EEA”), Switzerland, Brazil, at United Kingdom (“UK”) alinsunod sa EU na Regulasyon sa Proteksyon ng Datos, LGPD, UK na Regulasyon sa Proteksyon ng Datos, at Pederal na Batas sa Proteksyon ng Datos ng Swiss.

*Mga Legal na Batayan para sa Pagpoproseso*

Ang aming legal na batayan para sa pagpoproseso ng Personal na Impormasyon ay nakasalalay sa Personal na Impormasyong kasangkot at sa konteksto kung saan namin pinoproseso ito. Kung saan gumaganap ang Suvoda bilang isang tagakontrol, pinoproseso namin ang iyong Personal na Impormasyon: nang may pagsang-ayon mo; kung kinakailangan upang magsagawa ng isang kontrata; upang tuparin ang aming mga legal na obligasyon; kung saan ang paggawa nito ay para sa aming mga lehitimong interes (kabilang ang mga layuning inilarawan sa Paunawang ito) at ang mga naturang interes ay hindi nilalampasan ng iyong mga karapatan at mga kalayaan; kung saan kinakailangan upang maprotektahan ang mahahalagang interes mo o ng ibang natural na tao; at/o kung saan kinakailangan para sa pagganap ng isang gawain na isinagawa para sa pampublikong interes o sa paggamit ng opisyal na awtoridad na ipinagkaloob sa Suvoda.

*Espesyal na Kategoriya ng Datos*

Kinokolekta lang ng Suvoda ang Espesyal na Kategoriya ng Datos kung saan mayroon kaming naaayon sa batas na batayan para gawin iyon na pinahihintulutan sa ilalim ng Artikulo 9 ng GDPR, at Artikulo 11 ng LGPD kabilang, kung kinakailangan, ang pagbibigay ng Mga Serbisyo. Upang maibigay ang Mga Serbisyo, maaari kaming mangolekta ng datos na nagpapakita ng iyong lahi o etnikong pinagmulan o kalusugan na naaayon sa mga serbisyong ibinibigay namin.

**Mga Residente ng California**

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga kasanayan ng Suvoda alinsunod sa Batas sa Pagkapribado ng Mamimili ng California ng 2018 at sa mga regulasyong nagpapatupad nito, ayon sa pinagbutihin ng Batas sa mga Karapatan sa Pagkapribado ng California (California Privacy Rights Act, “CCPA”), kung saan ang “**Personal na Impormasyon**” ay may kahulugan na itinakda sa CCPA.

Mangyaring tingnan ang tsart sa ibaba para sa detalyadong impormasyon tungkol sa mga kategoriya ng Personal na Impormasyong nakolekta namin mula sa mga residente ng California sa loob ng labindalawang buwan bago ang petsa kung kailan huling na-update ang Paunawang ito at ang mga kategoriya ng mga ikatlong partido kung kanino kami nagbebenta o nagbabahagi ng Personal na Impormasyon. Para sa bawat kategoriya ng Personal na Impormasyon na itinakda sa tsart sa ibaba, ang mga kategoriya ng mga ikatlong partido kung kanino namin ito isiniwalat para sa isang negosyo o komersyal na layunin ay itinakda sa seksyong *Paano Namin Isiniwalat ang Personal na Impormasyon* sa itaas.

|                                                                                       |                                                                                                                    |
|---------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>Kategoriya ng Personal na Impormasyon na itinakda sa Cal. Civ. Code § 1798.140</b> | <b>Mga Kategoriya ng Mga Ikatlong Partido kung Kanino Kami Nagbebenta o Nagbabahagi ng Personal na Impormasyon</b> |
|---------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

|                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                            |                                                                                      |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>Mga personal na pagkakakilanlan</b> , kabilang ang tunay na pangalan, alias, adres sa koreo, natatanging personal na pagkakakilanlan, online na pagkakakilanlan, Internet Protocol na adres, adres sa email, o iba pang katulad na pagkakakilanlan.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                     | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |
| <b>Mga Personal na Impormasyon na Rekord ng Kostumer sa California</b> (Cal. Civ. Code § 1798.80(e)), kabilang ang pangalan, lagda, pisikal na katangian o paglalarawan, tinitirahan, numero ng telepono, edukasyon, trabaho, kasaysayan ng trabaho, atbp.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                 | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |
| <b>Mga katangian ng mga protektadong klasipikasyon</b> sa ilalim ng California o pederal na batas. Maaaring kabilang dito ang edad, katayuang beterano, impormasyon sa mga pagsasaayos, pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian, sekswal na pagkakakilanlan, at relihiyon.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                             | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |
| <b>Komersyal na impormasyon</b> , kabilang ang mga talaan ng personal na ari-arian, mga produkto o mga serbisyo na binili, nakuha, o isinaalang-alang, o iba pang mga kasaysayan o mga pagkahilig sa pagbibili o pagkonsumo.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                               | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |
| <b>Impormasyon sa aktibidad sa internet at iba pang elektronikong network</b> , kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kasaysayan ng pagbrowsing, kasaysayan ng paghahanap, at impormasyon tungkol sa mga indibidwal na pakikipag-ugnayan sa isang Internet website, aplikasyon, o pag-promosyon.                                                                                                                                                                                                                                                                                                         | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |
| <b>Datos sa geolocation</b> , gaya ng iyong IP adres.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                      | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |
| <b>Sensory na datos</b> kabilang ang audio, elektroniko, ng paningin, sa temperatura, nauugnay sa pang-amoy, o katulad na impormasyon.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                     | Hindi namin ibinebenta o ibinabahagi ang categoryang ito ng Personal na Impormasyon. |
| <b>Impormasyong may kaugnayan sa propesyon o trabaho.</b>                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                  | Hindi namin ibinebenta o ibinabahagi ang categoryang ito ng Personal na Impormasyon. |
| <b>Impormasyon sa hindi-pamublikong edukasyon</b> ayon sa tinukoy sa Batas sa mga Karapatan at Pagkapribado ng Pangpamilya sa Edukasyon (20 U.S.C. § 1232g; 34 C.F.R. Part 99)                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                             | Hindi namin ibinebenta o ibinabahagi ang categoryang ito ng Personal na Impormasyon. |
| <b>Mga hinuha na nagresulta mula sa alinman sa impormasyong tinukoy sa itaas upang lumikha ng isang profile tungkol sa iyo</b> na nagpapakita ng iyong mga kagustuhan, mga katangian, mga sikolohikal na pagkahilig, mga kagustuhan, mga pag-uugali, mga saloobin, katalinuhan, mga kakayahan, at mga kagalingan.                                                                                                                                                                                                                                                                                          | Hindi namin ibinebenta o ibinabahagi ang categoryang ito ng Personal na Impormasyon. |
| <b>Sensitibong Personal na Impormasyon ayon sa itinakda sa Cal. Civ. Code § 1798.140</b> , kabilang ang numero ng social security, numero sa lisensya sa pagmamaneho, kard ng pagkakakilanlan ng estado, o numero ng pasaporte; Impormasyon sa pagkamamamayan o imigrasyon; lahi o etnikong pinagmulan; mga katibayan sa pag-akses ng account (tulad ng mga username o mga numero ng account na pinagsama sa password o iba pang code sa seguridad/pag-akses para ma-akses ang isang account); tumpak na geolocation; genetic na datos; personal na impormasyong nakolekta at sinuri tungkol sa kalusugan. | Mga ikatlong partido na tagapagbigay ng serbisyo                                     |

LGPD

Para sa mga layunin ng LGPD, bilang karagdagan sa mga karapatan sa pagkapribado na inilarawan sa itaas, ang mga kalahok na datos ay maaari ding (i) humiling ng kumpirmasyon ng pagpoproseso ng datos; (ii) humiling ng pagtanggali ng pagkakakilanlan, pagharang o pagbura ng datos na itinuturing na hindi kailangan, labis o hindi sumusunod sa regulasyon sa proteksyon ng datos; (iii) humiling ng maaaring dalhin ng Personal na Impormasyon, kung saan naaangkop; (iv) humiling ng pagbura ng Personal na Impormasyon na naproseso sa pagsang-ayon ng kalahok na datos, maliban sa mga kaso ng mga legal na pagbubukod; (v) humiling ng impormasyon tungkol sa mga pampubliko at mga pribadong entidad kung saan ang tagakontrol ay nagbahagi ng datos; (vi)

humiling ng impormasyon tungkol sa mga kahihinatnan ng pagtanggap ng pagsang-ayon; at (vii) magsampa ng reklamo sa Brazilian Awtoridad sa Proteksyon ng Datos (Brazilian Data Protection Authority, “ANPD”).

Ang lahat ng mga kahilingan na gamitin ang mga karapatan ng mga kalahok na datos ay susuriin at, kung hindi matugunan ang mga ito, ipapakita ang nararapat na katwiran.

Upang gamitin ang mga karapatan sa Brazil, mangyaring kontakin ang Lokal na DPO MKR Consultoria LTDA. [suvoda.dpo@mkr.com.br](mailto:suvoda.dpo@mkr.com.br).

### **Mga pagbabago sa Paunawang ito**

Mangyaring tandaan na maaari naming baguhin o i-update ang Paunawang ito sa pana-panahon, kaya mangyaring repasuhin ito nang pana-panahon. Kung gagawa kami ng mga makabuluhang pagbabago sa kung paano namin tinatrato ang Personal na Impormasyon, aabisuhan ka namin ayon sa naaangkop na batas. Maliban kung ipinahiwatig sa ibang paraan, ang anumang mga pagbabago sa Paunawang ito ay naaangkop kaagad sa pag-post sa aming website sa <https://www.suvoda.com/suvoda-privacy-policy-and-terms-of-use>. Ikaw ay may pananagutan para sa pana-panahong pagbisita sa naturang Platform upang suriin kung may anumang mga pagbabago.

### **Kontakin Kami**

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa aming mga kasanayan o sa Paunawang ito, mangyaring kontakin kami sa [privacy@suvoda.com](mailto:privacy@suvoda.com).